

Sheppard Pratt Health System – Patakaran sa Pinansiyal na Tulong ng Pasyente – Buod sa Simpleng Wika

Ang Sheppard Pratt Health System ay nakatuon sa pagbibigay sa mga pasyente ng pangangalaga at sebisyonang may pinakamataas na kalidad. Upang matulungan ang aming mga pasyente, at upang sumunod sa mga batas Pederal at ng Maryland, inaalok ng Sheppard Pratt ang sumusunod na impormasyon tungkol sa FAP nito.

Pagiging Karapat-Dapat sa Pinansiyal na Tulong

Sa ilalim ng FAP ng Sheppard Pratt, maaaring maging karapat-dapat ang ilang pasyenteng walang insurance o kulang sa insurance na makatanggap ng pinansiyal na tulong para sa halaga ng mga serbisyo sa ospital na pang-emerhensiya at medikal na kinakailangan. Hindi kasama ang ilang serbisyo, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, mga elektibong serbisyo, (mga Programang Pang-edukasyon, ang Retreat, at ang Ruxton House, gayundin ang anumang iba pang pansuportang serbisyo kaugnay ng mga nabanggit na kategorya. Dagdag dito, maaaring maging karapat-dapat ang populasyon ng Quaker para sa hiwalay at/o karagdagang tulong sa ilalim ng hiwalay na FAP ng Quaker ng Health System.

Ang mga pasyenteng karapat-dapat sa pinansiyal na tulong sa ilalim ng FAP ay hindi sisingilin ng mas malaki para sa pangangalagang pang-emerhensiya o medikal na kinakailangang pangangalaga kaysa sa halagang pangkalahatang sinisingil sa mga pasyenteng may insurance. Ang pagiging karapat-dapat ay nakabatay sa kabuuang kita ng pamilya at laki ng pamilya ng pasyente at/o responsableng tao. Ang taunang pamantayan ng sahod ay magiging 300% ng kasalukuyang mga pederal na patnubay sa kahirapan gaya ng taun-taong itinatakda ng Pederal na Rehistro. Isasaalang-alang din ang mga ari-arian at pananagutan. Maaaring gawaran ang mga pinansiyal na tulong na hanggang 100% ng mga medikal na singil.

Pag-a-apply para sa Pinansiyal na Tulong

Ang mga pasyenteng naghahangad ng pinansiyal na tulong ay dapat magkumpleto ng application form at ibigay ang mga sumusuportang dokumentasyon na hiniling sa FAP at application form. Makakakuha ng libreng kopya ng FAP at application form mula sa alinman sa sumusunod:

<ul style="list-style-type: none">• Personal: Sa alinmang lokasyon/opisina ng pagpaparehistro ng pasyente; o The Conference Center at Sheppard Pratt 6501 N. Charles Street Baltimore, MD 21204• Website: www.sheppardpratt.org/patient-care-and-services/resources/financial-support/	<ul style="list-style-type: none">• Nang Nakasulat: Sheppard Pratt Health System Attn: Financial Assistance P.O. Box 6815 Baltimore, MD 21285-6815• Phone: (410) 938-3370 (Local) (800) 264-0949 (Toll Free) Lunes-Biyernes, 8:00am hanggang 3:00pm
---	--

Upang mag-iskedyul ng appointment para sa tulong sa isang application form, maaaring makipag-ugnayan ang isang pasyente sa isang kinatawan ng Sheppard Pratt sa numero ng teleponong nakalista sa itaas o bumisita sa Conference Center sa Sheppard Pratt. Makakakuha ng mga pagsasalin ng FAP, ng application form, at ng buod sa simpleng wika na ito sa sumusunod na wika kapag hiniling: Espanyol. Para sa iba pang wika, maaaring makakuha ng tulong sa pagsasalin kapag hiniling.

Mga Karapatan ng Pasyente

Ang mga pasyenteng nakakatugon sa mga pamantayan ng FAP na inilarawan sa itaas ay maaaring makatanggap ng tulong mula sa ospital sa pagbabayad ng kanilang bill. Kung naniniwala kang nagkamali silang ipasa ka sa isang ahensya ng pangongolekta, mayroon kang karapatang kontakin ang Sheppard Pratt business office sa 410-938-3370 o toll free sa 1-800-264-0949.

Maaaring maging karapat-dapat ka sa Medikal na Tulong ng Maryland. Ang Medikal na Tulong ay isang programang magkasamang pinopondohan ng mga pamahalaan ng Estado at Pederal, at binabayaran nito ang hanggang sa buong halaga ng pagkakasakop sa kalusugan para sa mga indibidwal na may mababang kita na nakakatugon sa mga pamantayan. Sa ilang kalagayan, maaaring kailanganin ninyong mag-apply at matanggihan sa pagkakasakop na ito bago maging karapat-dapat sa pinansiyal na tulong ng Sheppard Pratt.

Para sa dagdag na impormasyon kaugnay ng proseso para sa Maryland Medical Assistance, pakitawagan ang inyong local Department of Social Services sa pamamagitan ng telepono 1-800-332-6347 o sa internet (www.dhr.state.md.us).

Mga Obligasyon ng Magulang

Para sa mga taong may kakayahang magbayad, obligasyon nilang magbayad sa tamang oras. Ginagawa ng Sheppard Pratt ang bawat pagsisikap upang matiyak na ang bawat pasyente ay maaayos na nasingil, at maaaring asahan ng mga in-patient na makatanggap ng unipomeng summary statement sa loob ng 30 araw mula nang ma-discharge. Responsibilidad ng pasyenteng magbigay ng tamang impormasyon sa insurance.

Kung wala kang pagkakasakop sa kalusugan, inaasahan naming babayaran mo sa tamang orras ang bill. Kung naniniwala kang maaari kang maging kwalipikado sa FAP ng Sheppard Pratt, o kung hindi ninyo kayang magbayad ng bill nang buo, dapat mo kaming kontakin gaya ng nakasaad sa itaas.

Kapag nabigo kang tugunan ang mga pinansyal na obligasyon ng iyong bill, maaari kang ipasa sa isang ahensiya ng pangongolekta. Obligasyon ng pasyente na tiyaking makakakuha ang ospital ng tumpak at kumpletong impormasyon. Kapag nagbago ang iyong posisyong pinansiyal, mayoon kang obligasyong kontakin ang Sheppard Pratt upang magbigay ng updated na impormasyon.

Ang mga doktor na nag-aagala ng mga pasyente sa Sheppard Pratt, inpatient man o outpatient, ay hiwalay na sinisingil at hindi isasama ang kanilang mga bayarin sa iyong billing statement sa ospital.

Ang lahat ng pasyente ay maaaring humingi at tumanggap ng nakasulat na tantiya ng kabuuang singil para sa mga serbisyong hindi pang-emerhensiya, mga procedure, at suplay na makatuwirang inaasahang ibibigay at sisingilin ng Sheppard Pratt. Hanggang sa saklaw na pinahihintulutan ng batas at alinsunod sa mga patakaran ng Sheppard Pratt, maaaring isama sa mga bayarin ang, ngunit hindi ito limitado sa, bayad sa pasilidad para sa outpatient na paggamit ng mga pasilidad, klinika, suplay at kagamitan ng ospital, at mga serbisyong hindi mula sa doktor (tulad ng nonphysician clinicians).

4828-1832-0738v7 Binago noong 2.1.20